*Tula*

# mula sa "Baraha ni Baybayan: Mga Payo ni Agyu"

Tilde (Arbeen Regalado Acuña)

## Abstract

The hybrid work "mula sa 'Baraha ni Baybayan: Mga Payo ni Agyu'" incorporates ideas extracted from the deck of Tarot cards and the Ulahingan epic of the Livunganen-Arumanen Manobo. The Tarot and the Ulahingan integrate in both the visual and the textual aspect of the cards. Scenes during the Ilianon's construction of their fortress Nalandangan or Yendang correspond to the challenges during the journey of the Fool in the Tarot. Such a combination attempts to indigenize the universal and universalize the indigenous, through lines of art and poetry. As of the moment, the Major Arcana has been completed.




II – Babaylan

Kung hinirang ka ng
diwata upang maging
unang babaylan,
tanggihan na ang
alok na pulot-
pukyutan upang ipamahagi
ang ginintuang
pinipig na biyaya
ng mga Bathala



III - Pabango

Natural ang
halimuyak ng
babaeng walang
kabiyak; ang bango
niya ay hindi nauubos
hanggat wala pang
asawa at anak—
maliban na lamang
kung siya ay diwata.




VIII – Tatag

Hindi napapawi
ang balangaw
sa tanggulan
ng magigiting;
sa himpapawid nila
nagsasalimbayan
ang mga lawing
bulik na alaga
ng mga talabusaw.



XVII – Tala

Katabi ng punong umaapaw sa bunga
ang dalawang ilog kung saan
nagtitina ng panyong pamutong
ang isang babaeng umaawit—
sa itim na ilog kung saan
pusikit ang tubig siya nagtitina
ng panyo ng kapatid niyang pinuno,
sa mapulang ilog naman ang para
sa mga matatapang na lakan.



XXI – Sansinukob

Sa isang pagwawakas,
ng isang paglalakbay, magtatatag
muli ng tanggulan bilang
isang pagsisimula. Katuwang
ang nasasakupan, gumawa
ng tulugan at malibang. Huwag nang
ilahad ang tungkol
sa libong abat na niyari, niyayari
at/o yayariin.